

Prologue



“Who are you? What are you doing here?”
Galit na tanong ng binatilyong nasa itaas ng puno.

Nakatunghay ito sa batang babae na basta na lamang sumakay sa duyang rattan na nakatali sa malaking sanga ng puno kung saan ito nakaupo.

Gulat na nag-angat naman ng mukha ang sampung taong gulang na batang babae. Hindi nito napansing may ibang tao sa paligid. Sa itaas ng puno ay natagpuan nito ang may-ari ng galit na tinig.

Marahang tumayo ang babae. “I... I’m sorry. Hindi ko alam na may tao,” napapahiyang tugon nito at akmang tatalikod nang mula sa itaas ng puno ay walang anumang tinalon ng binatilyo ang distansya nito sa lupa.

“Nakita kitang tumatakbo kanina. May humahabol ba sa ’yo?” tanong ng binatilyo na pinagsalubong ang makakapal na kilay.

Hindi naman sumagot ang bata bagkus ay tinanaw ang malawak at bughaw na dagat.

“Puwede mong gamitin ang duyan,” pagkaraa’y saad ng binatilyo. “Pero sandali ka lang dahil baka

hanapin ka sa inyo.” Lumakad ito papunta sa likod ng malaking puno at kinuha ang gitara.

Naupo ang batang babae sa duyang rattan at pinanood ang sunod na gagawin ng binatilyo. Isinukbit ng lalaki ang gitara sa balikat at umupo sa narroong malaking bato.

“You sing?” tanong ng paslit na namimilog ang mga mata. Marahang tumango ang binatilyo at niyuko ang gitara. He started to play the guitar. Mayamaya pa ay umaawit na rin ito.

“Do you think it’s a good song?” tanong nito matapos kumanta.

“Yes, it is.”

Ngumiti ang binatilyo. “From now on, it is our song.”

Bahagyang kumunot ang noo ng batang babae. “O-our song? Why?”

“Because...” He paused. “*Darling, you can count on me, ’til the sun dries up the sea...*” he sang.

Kumunot ang noo ng batang babae. “I... I don’t understand.”

Nag-echo sa paligid ang halakhak ng binatilyo. Lalo namang nagkulay-rosas ang pisngi ng bata. He stopped laughing then, gazed at her. “Do you know that you are pretty?”

“My mom always tells me that. N’ung buhay pa siya...” Nagkaroon ng lungkot ang tinig ng batang

paslit.

“At tama ang mommy mo. Maganda ka at lalo pang gaganda paglaki mo.”

“I don’t know... siguro,” tugon ng bata na inipit sa tainga ang ilang hibla ng kulot na buhok na nililipad ng hanging-dagat.

“Can you tell me your name?” tanong ng binatilyo.

“Hulaan mo!” The girl challenged him.

“I can’t. But I want to call you ‘Angel’. Is it okay, my Angel?”

She smiled so prettily. “Okay. And you are...?”

“I’m JV.”

Chapter One



Mabilis na bumaba ng kanyang kotse si Kristine matapos patayin ang makina at i-park sa ilalim ng malaking punong akasya sa labas ng gate ng *Victorianne Lingerie*, isang export company ng mga undergarments para sa mga kababaihan. Limang minuto na lang ay alas nueve na at malamang na iyon ang unang beses na male-late siya sa trabaho.

Nakahinga lang siya nang maluwag nang makita ang ilang kasamahan na papasok pa lamang din ng opisina. Nginingitian siya ng mga nakakasalubong na karaniwan na sa tuwing lalakad siya ng hallway papasok ng General Office. Hindi nga lamang niya naiwasan ang nang-uuyam na tingin ni Shirley bago ito tumalikod at sumabay sa ilang officemates nila. Pagkatapos mag-punch in ay derecho na si Kristine sa kanyang mesa na ang ibabaw ay halos matabunan dahil sa nakatambak na dokumento. Napabuga siya ng hangin bago hinarap ang trabaho.

Mayamaya, nasa harap ng fax machine si Kristine, hawak ang mug ng kape nang maramdamang may nakatayo sa kanyang likuran.

Lumingon siya at isang di-pamilyar na mukha ang kanyang nabungaran.

“Good morning, Sir,” bati pa rin ng dalaga bagaman hindi niya kilala ang lalaki. Itinuloy niya ang ginagawa at inisip na marahil ay bisita ito.

Karaniwan nang may bumibisita sa kanilang kompanya partikular sa kanilang department at ang tanging instruction sa kanila ay batiin ang mga ito at magpatuloy lang sa pagtatrabaho.

Ang aga naman ng bisitang ito, bulong niya sa sarili. Halos kalahating oras pa lang ang lumilipas mula nang mag-punch in siya.

May ilang saglit pang nanatiling nakatayo ang lalaki sa kanyang likuran na kahit hindi niya lingunin ay alam niyang minamasdan ang kanyang ginagawa. Mayamaya ay naramdaman niyang tumalikod na ito at lumayo.



“Nasaan ang ID mo, Miss Argos?” bungad na tanong kay Kristine ng kanyang supervisor na si Miss Racqs. At forty, dalaga pa ang babae at napaka-conservative manamit. May kasungitan din ito.

Hindi siya agad nakasagot sa tanong nito. Dinama niya ang dibdib at saka lang naalalang hindi naisuot ang ID pagkatapos mag-punch in dahil nakita agad niya ang nakatambak na trabaho

sa ibabaw ng kanyang mesa. At hindi siya sigurado kung saan na niya iyon naipatong.

“Nakakahiya. Si Mr. dela Vega pa ang nakakita sa 'yo na hindi mo suot ang ID mo,” sermon nito.

She frowned. “Mr. dela Vega?”

“Yes, Miss Argos. Si Mr. dela Vega ang bagong Purchasing Head ang siyang nag-report sa HR. So, next time, tiyakin mong suot mo ang ID mo pagpasok mo ng opisina.”

“I apologize for what happened, Miss Racqs. Hindi na po mauulit.” Naalala ni Kristine ang lalaking nasa likuran niya kaninang umaga noong nag-fa-fax siya.

“Hindi na talaga dapat maulit, Miss Argos. Alam mong ayokong napapahiya sa mga nakatataas. Anyway, ano na ang ginawa mo tungkol d'un sa mga NG materials ng Singaporean supplier?”

“Nakapagpadala na po ako ng e-mail sa kanila at nakuha ko na rin po ang reply. Kailangan ko lang pong i-send ang final count ng rejected items para mapalitan po nila agad. At nasa akin na rin po ang breakdown ng NG materials. Ise-send ko na lang po sa supplier.”

“Do it immediately, Miss Argos. One week kang nawala at talagang nahirapan ang team mo sa mga nagsulputang problema.”

She smiled silently at her statement. Alam

niyang isa siya sa mga inaasahang empleyado ni Miss Racqs. Bagaman mataas lagi ang tono ng babae at ni minsan ay hindi nagbigay ng ngiti sa isa man sa kanila, masaya siya sa kanyang trabaho. Challenge sa kanya kapag may mga problema sa departamento na madalas siya ang nakakagawa ng paraang masolusyonan. Ilang beses na ring nangyari na imbis sa mga tauhan nitong mas matagal nang nasa kompanya ay sa kanya ibinibigay ni Miss Racqs ang ilang mahahalagang orders. Kaya naman ang kasungitan o galit nito ay hindi na nakakaapekto kay Kristine.



“Saan ka ba nagpunta at ang tagal mong nawala? Ngarag ang beauty namin sa tambak na urgent na trabaho,” maarteng reklamo ni Mona kay Kristine nang tumabi ito sa kanya sa loob ng pantry.

“Ikaw naman, Mona, para namang walang karapatang magpahinga muna si Kristine. For almost a year, last week lang siya nag-leave mula sa trabaho,” pagtatanggol ni Patty sa kanya. Ang dalawa ang pinakamalapit na kaibigan niya sa *Victorianne*.

“Hindi naman ganoon ang ibig kong sabihin, Miss Patty. Aminin mo, nakakatakot si Miss Racqs n’ung wala si Kristine. Lalong nagsungit. Parang monster! Tapos....”

Hindi nito natapos ang sasabihin. Narinig nila ang pagbukas ng pinto at pagdungaw ng isang lalaki. Nakilala niya ito—ito iyong nakakita sa kanya na wala siyang ID at ayon kay Miss Racqs ay ang bagong Purchasing Head.

“I’m sorry for interrupting. I’m looking for Mr. Lee. Ang s’abi ng assistant niya, nandito siya sa pantry,” tanong ng lalaki na pinaglilipat-lipat ang tingin sa kanilang tatlo. Agad na tumayo si Patty na sumagot sa tanong nito.

“Yes, Sir. Galing po siya dito. He asked Ate Elaine for a cup of tea at narinig kong sinabi ni Mr. Lee na isunod ang tea sa opisina ni Mr. Dominguez.”

“If that is so, sa office na ako ni Mr. Dominguez dederecho. Thank you,” friendly na sabi nito bagi tumalikod. Akala niya ay lalabas na ito. Pero biglang humarap ang lalaki at idinako ang paningin sa kanya. “You’re Kristine Argos, right?”

Biglang tinambol ang dibdib niya at naalala ang nangyari kaninang umaga. Magalang siyang tumango. “Yes, Sir! Sir, I’m really sorry about this morning. I was off for a week at hindi ko po talaga kayo kilala pa.”

“It’s okay,” anito na sadyang inihinto ang mga mata sa kanyang dibdib.

Kung hindi niya agad naalala na ito ang

nakakitang wala siyang suot na ID, gusto niyang mainis sa paraan ng pagtingin nito. Kinapa niya ang ID na naka-clip sa dibdib, manapa'y upang matakpan kahit paano ang pakiramdam na siya mismo ang tinitingnan ng kaharap.

“Come to my office when you're done with your coffee, Miss Argos. I need to talk to you.”

Bago pa siya makasagot at makahuma ang dalawang babaeng nasa kanyang tabi ay nakalabas na ang lalaki ng pantry. Lalo siyang kinabahan sa sinabi nito.

“Girl, ano ba'ng problema? Bakit gusto ka pa ring kausapin ni Mr. dela Vega?” nag-aalala ring tanong ni Mona.

Si Patty ay nakatingin lang sa kanya at may pagtataka sa mukha.

“At 'yung titig niya sa ID mo ha, tagos hanggang ilalim ng blouse,” dagdag pa nito na ikinalingon ni Kristine. Niyuko niya ang suot na ang usual body-hugging white cotton shirt na nakapailalaim sa itim na jacket.

“Bakit kasi d'yan mo inilalagay ang ID mo? Bigyan kita ng ID holder, hindi na uso ang clip ngayon,” sabi naman ni Patty.

“Sige, Pat. Kunin ko sa 'yo mamaya.” Nagawa pa rin niyang isagot iyon kahit may kaba at pag-aalalang nararamdaman. Ano kaya ang nagawa

niya at kailangan siyang kausapin ng bagong Purchasing Head?



Hindi makapaniwala si Kristine sa nakikita. Hawak niya ang kopya ng e-mail niya sa Singaporean supplier. At hindi siya makapaniwalang nagkamali siya ng inilagay na article ng rejected materials na hinihiling niyang mapalitan ng supplier.

Iyon ang unang pagkakataon na nagkaroon siya ng ganoong pagkakamali at hindi niya iyon inakala. Siniguro niyang lahat ng ilalabas niyang documents—e-mail man, swatches o issuance slip—ay tama ang lahat ng nakalagay ng detalye. Triple check ang kanyang ginagawa at nakasanayan na niya iyon at ganoon din mismo ang ginawa niya bago siya nag-send ng e-mail kaninang umaga.

“What can you say about that, Miss Argos?” pormal na tanong ni Mr. dela Vega na nakatunghay sa kanya mula sa pagkakaupo sa swivel chair nito.

Ilang minuto pa lang mula noong pumasok siya sa opisina subalit pakiramdam niya ay habangbuhay na iyon. Gayunman ay nagawa niyang tumingin dito nang derecho. May mali sa nangyari at natitiyak ni Kristine na hindi sa kanya nanggaling iyon. Pero wala siyang balak na ipagtanggol ang sarili o mangatwiran man.

Ito mismo ang nakatanggap ng feedback ng Singaporean supplier.

“Nahihiya po ako sa inyo, Mr. dela Vega. Sa loob lang ng isang araw ay dalawang pagkakamali ko na ang kayo mismo ang nakakita.” Hindi niya napigilan ang pag-iling. “But, honestly, mas nahihiya ako kay Miss Racqs. Sa loob ng halos isang taong pagtatrabaho ko ay ngayon lang ako nakagawa ng ikaka-disappoint niya.”

He smiled at her to her surprise. “Hindi alam ni Miss Racqs ang tungkol diyan. Sa akin mismo ipinadala ang e-mail na nagsasabing hindi nagtugma ang mga article ng materials na ini-report mong rejected at ang mga article ng materials na hinihingi mong palitan. Akala siguro nila ay nagkulang ang *Victorianne* sa supplies para sa isang purchase order at ito ang naisip nating paraan.”

“That’s impossible kahit pa totoo. Hindi rin magagamit kung magkaiba ng purchase order.”

“I agree. Now, Miss Argos, ipadala mo sa kanila ang tamang kopya ng final count ng NG at ako na ang bahalang magpaliwanag.”

“K-kailangan ko pa rin pong mag-report kay Miss Racqs tungkol dito.”

“Well, it’s up to you, Miss Argos. Pero kung ako ang tatanungin, hindi na siguro kailangan. Dahil

idenerecho na sa akin ng supplier ang e-mail na 'yan, it means, pananagutan ko ito.”

She felt so relieved. At hindi niya napigilan ang isang ngiti. “Thank you very much, Mr. dela Vega.”



Pasado alas ocho na nang gabi at nasa Finishing Section sa kabilang building ng *Victorianne Lingerie* ang grupo ni Kristine sa pamumuno niya.

Tinutulungan niya ang ilang final inspectors na nag-o-overtime upang maabot ang quantity na kailangan para sa pre-shipment ng buyer ng *Victorianne* sa siyang pinakamahigpit sa lahat.

Hindi iniwan ni Kristine ang mga ito. Mula sa kanyang mover hanggang sa packer ay tulong-tulong silang matapos ang trabaho. Sa tantya niya ay hindi pa sila makakauwi agad. Mabuti na lamang at nakapag-message na siya kay Armando, ang kanyang ama, na hindi niya ito masusundo sa airport. Parating kasi ito galing sa Amerika.

“Kaya nga naman mahal na mahal ka namin, Miss Kristine,” sa kabila ng pagod ay nasambit ni Teresa, isa sa mga final inspectors. “Hindi mo kami iniwan lalo na pag ganitong may urgent.”

Tumingin ito sa mga kasamahan na nagsitango na kaagad umayon sa sinabi nito.

She smiled at them. “Bakit ko naman kayo iiwan? Isang team tayo, di ba? Dapat nagkakaisa.”

Muli niyang binilang ang mga naka-pack nang mga brassieres at thongs. “Cincuenta na lang, guys. Kaya na ’yan. Makakauwi na tayo siguro by nine.”

Nakita niya ang pagtalima ng mga ito sa kanyang sinabi. Lalo siyang nasiyahan sa ipinapakitang gilás ng kanyang mga tao.



Chapter Two



“**H**ija!” Sinalubong si Kristine ng ama at agad niya itong niyakap. Kasunod nito si Megan, ang kanyang 19-year old second cousin and housemate.

Binitawan din siya agad ni Armando. “You look so stressed. Iyan ba ang nag-e-enjoy sa trabaho?” puna ng matandang lalaki na tinitigan siyang mabuti. “Namamayat ka lalo, ah.”

She shook her head. “Pagod lang ako, Dad. May tinapos kaming order, which is for shipment this twelve midnight. Mahigpit ang buyer kaya binantayan ko ang team ko,” she explained and shortly surveyed her father’s appearance. Mula noong huli niya itong makita tatlong buwan na ang nakakaraan, wala itong ipinagbago. At fifty-three, he was still as handsome as ever.

“Tatlong semester na lang naman ang kailangan at tapos mo na ang Architecture,” he said that made her thoughts regained. “Bakit hindi mo pa iwan ang trabahong iyan at tapusin ang pag-aaral mo?”

Nakita ni Kristine nang iwan sila ni Megan. Alam nitong seryoso na ang pag-uusapan nilang mag-ama, or should she say, *pagdidiskusyunan*.

“At itong apartment na nilipatan mo, masyado pa ring maliit. Paano kayo nakakakilos dito ni Megan?”

“Dad, hindi naman kami higante. At saka okay na kami dito. Please, Dad, huwag mong sabihing palilipatin mo na naman ako.”

Three months ago nang huling bumisita sa kanya ang ama at nakita nito ang huli nilang inalisang apartment ni Megan. Mas maliit iyon kesa sa tinutuluyan nila ngayon. Hindi ito tumigil ng kasasabing lumipat siya ng bahay dahil halatang hindi sila komportable roon ng kanyang pinsan. Hanggang bago ito bumalik ng Los Angeles ay iyon pa rin ang pinagtatalunan nila.

At mukhang hindi siya pinakinggan ng ama. “I can get you a unit sa isang condominium sa Taguig, Kristine. Malapit lang iyon sa university na dati mong pinasukan. You can also go back to college.”

“Dad, hindi na kailangan. Hindi ko pinangarap tumira sa condo. At isa pa, hindi ko pa rin balak bumalik sa kolehiyo.”

“And I wonder, why? Samantalang nasa grade school ka pa lang ay gusto mo nang magkolehiyo agad dahil excited kang maging Architect.”

She looked up at her father and inhaled inwardly. Hindi iyon ang unang beses na hinimok siya ng ama na ituloy na ang pag-aaral. And

it's time to switch the topic. "Kanina ka pa ba dumating? Nakapag-dinner ka na ba?" tanong niya kahit nahuhulaan na ang sagot doon. Halos alas diez na at sigurado siyang kumain na ang ama.

"Hindi pa. Hinihintay talaga kita," sagot nito na marahan niyang ikinatawa. Nagkamali siya ng iniisip.

She gestured her father to the dining table na tanaw na nila mula sa receiving area ng bahay. Maliit nga pala talaga ang tinitirhan niya kumpara sa dating bahay nila ng ina sa Cavite. O sa bahay ni Armando sa Los Angeles.

"I am not giving up, Kristine. Hindi ako titigil hangga't hindi mo tinatanggap ang offer ko. What I will give you is one of your perks as my daughter. So be a good girl," giit ng lalaki sa harap ng mesa.

"Let's settle this matter next time, Dad. Kuwentuhan mo ako habang dinner. You know I missed you. Kumusta ang *Argonotics*?"

Quarterly kung bumisita ito sa Pilipinas dahil sa mga business conferences nito. Ang pagbisita naman ng ama sa kanya ay walang oras. Tumatawag lang ito para sabihing darating ito upang manatili ng ilang araw kasama siya. Noong huli nitong uwi, dumalo ito sa isang summit sa Cebu. At hindi pumayag na hindi siya silipin sa kanyang dating apartment.

“*Argonotics* is doing fine. Magkakaroon na ng sariling warehouse ang kompanya sa Chicago at Brazil kung saan direktang manggagaling ang raw materials para sa mga produkto,” kuwento ito.

Ang semiconductor company na unang itinayo ni Armando Argos II at ng kanyang ama sa Laguna ay nakarating ng Los Angeles sa tulong na rin ng Amerikana nitong ina na si Kristine Simons. Sa Los Angeles din nakilala ng kanyang ama ang unang asawa nito na isang kilalang fashion designer. But his marriage to Miranda was a failure. Isang taon pa lang ay naghiwalay ito at ang unang asawa at nakilala naman ni Armando ang ina ni Kristine sa ilang mga biyahe nito sa Pilipinas.

She looked at her father. Pagkatapos ng divorce nito sa unang asawa at pagkamatay ng kanyang ina ay wala na siyang nabalitaan na nagkaroon ito ng karelasyon. Tila nasubsob na ang buong panahon nito sa sariling kompanya. Her parents were never married. Hindi tanggap ng mga magulang ng kanyang ama ang nanay niya na isang modista sa Laguna.

But it was not the reason why they're never married. Desisyon iyon ng kanyang ina. Kung pumayag itong magpakasal kay Armando ay tiyak na itinakwil na diumano ito ng mga magulang. Nagkaroon man ng anak ang dalawa sa katauhan

ni Kristine, hindi pa rin naging paraan iyon para makuha ang basbas ng mga magulang ng daddy niya. Ang kanyang ina na ang pinakamabait na taong nakilala niya. Kaya nitong isakripisyo ang lahat para sa kapakanan ng mahal nito.



Aprobado kay Kristine ang maaliwalas na paligid ng bahay na pinagdalhan sa kanya ng ama. It was located in Taguig, sa isang mamahaling subdivision.

“This house has four rooms upstairs and guest room and servant’s quarter sa ibaba. May TV room at balcony sa master’s bedroom which you may occupy dahil sa ’yo ko ipinangalan ang bahay na ito,” pahayag nito na ikinalingon niya.

Nag-iba ang timpla ng dalaga. But she immediately fought the emotions that were starting to invade her mind. She smiled at her father.

“Gawin mo ang paglipat-bahay habang naririto ako, Kristine. Gusto kong bumalik ng Amerika na nasa maayos ka.”

“Dad, I’m okay. At ang totoo, masyado akong nalalakihan sa bahay na ito,” pahayag niya. “And very expensive, too.”

“Kristine Irene! You’re an Argos. You deserve all these luxuries.” Her father must be upset. Binuo na nito ang mahabang pangalan niya.

“Okay, Dad! I’m sorry,” sabi na lang niya at niyakap ang ama. Iginala niya ang paningin sa loob ng bahay. It was so beautiful. Hindi man ito ang pangarap niyang bahay ay nasisiyahan na rin siya.



“Bago ako bumalik ng LA, mayroon sana akong ipapakiusap sa ’yo, Kristine,” ani Armando sa anak isang gabing sabay silang naghahapunan nito kasama si Megan.

“I know, Dad. Gusto mong lumipat na kami sa binili mong bahay bago ka umalis.” Nilingon niya si Megan na nakangiti lang.

“Nasabi ko ’yan sa’yo, Hija. At iyon talaga ang inaasahan kong gagawin mo. Nitong nakaraang mga araw ay may kinuha akong interior designer na siyang nag-asikaso ng bahay mo at mga kakailanganin para roon. The day after tomorrow ay puwede na kayong lumipat doon ni Megan. Just bring your personal things. Kung anuman ang mga maiiwan dito ay ipinabahala ko na kay Julius.” Ang driver nito kapag nasa Pilipinas ang tinutukoy ng ama.

“So, ano itong ipapakiusap mo sa akin, Dad?” Inihanda niya ang sarili. Kahit nasasanay na si Kristine sa mga sorpresa ng ama, malamang hindi madaling pag-isipan ang bagay na ipakiusap nito.

“Alam mo naman siguro na tumatanggap ang

Argonotics ng mga fresh Business course graduates and allows them to train in the company?” simula ni Armando. “Isang linggo bago lisanin ng last batch ng trainee ang *Argonotics* ay saka ko lamang nakilala ang isa sa kanila. Inaanak siya ni Ramona, ng mommy mo. Hindi ko talaga siya nakilala. The last time na makita ko ang batang ito ay sampung taong gulang pa lang siya.

“And then, three months ago, nagkita kami sa isang business convention sa Singapore at nalaman kong uuwi siya ng Pilipinas dahil dito niya napiling magtrabaho. Now, Hija, gusto kong ipakiusap sa iyong patuluyin mo muna siya sa bago mong bahay kasama ninyo. Pansamantala lang naman dahil hindi pa tapos ang construction ng bahay niya.”

“Inaanak ni Tita Ramona? Kinakapatid ni Ate Kris?” sabad ng pinsan.

“Yes, Megan. At wala kayong magiging problema sa kanya. Maganda ang evaluation sa kanya ng *Argonotics*. Sa trabaho at pakikisama.”

“Is that the main reason why you wanted the bigger house for us? Dahil magiging tatlo kami?” tanong niya sa ama.

“Of course not. That issue was almost a year ago, mula nang magtrabaho ka sa isang kompanya ng mga undergarments at pinilit na tumira sa mga apartment ng daga.”

“Dad, you’re so mean! Paano ang mga taong ganito lang ang kayang kuhaning bahay para sa kanilang pamilya?”

“Then, it’s a palace para sa kanilang mag-anak. Pero sa katulad mo, Kristine, ito’y isang lungga. You can have everything you want nang hindi nagtatrabaho at alam mo iyan.”

Siguro nga. Pero hindi niya iyon kailangan. Pinalaki siyang independent ng mommy niya. Pero hindi na siya kumibo. Sasabihin na naman nitong mataas ang kanyang pride. Na katulad siya ng Lola Irene niya. Na magkaiba ang independent at ang proud.

“Pansamantala lang ito, Megan, Kristine,” banayad nang sambit ng ama. “And correction, hindi lang kayo magiging tatlo paglipat n’yo sa bagong bahay,” sabi nitong nakatingin sa kanya at may munting ngiti sa mga mata. “Nana Remia will be staying with you, soon. I called her up the other day at hinimok kong samahan kayo.”

She couldn’t help her smile. Nana Remia was one of her favorite aunts. Pinsang buo ito ng kanyang mommy at tiyahing tunay ni Megan.

“Oh, salamat po, Tito! Hindi ko alam kung paano ninyo napapayag na umalis ng Bataan si Tita Remia pero salamat po,” sambit ng pinsan na tuwang-tuwa.

“Thanks, Dad.” She smiled at her father. Sa wakas ay mararanasan na ulit ni Kristine ang magkaroon ng isang ina kahit sa katauhan man lang ni Nana Remia.



Linggo at iyon ang unang araw ni Kristine sa bagong bahay. Sa bago niyang bahay. She was almost sleepless last night. Kung hindi lang nag-request si Armando na mag-bowling sila kasama si Megan ay hindi niya pipiliting makatulog.

She usually spent an hour sa paglilinis lang kay Brandy, ang kanyang kotse. Malapit na siyang matapos nang maramdaman ang presyensya ng ama sa garahe ng bahay. Pormal ang ekspresyon nito nang makita siya subalit buong galak na nginitian niya ito. Dumako ang mga mata nito kay Brandy.

“Is that the same car you used when you fetched me from *NAIA* three months ago?”

Hinaplos niya ang bubong ng asul na kotse. It was an old model of *Toyota Corolla*. At limang buwan na silang magkasama. “Yes, and you know, I feel safe kapag nakasakay ako dito.”

“Safe? In that old car?”

“Dad, again?” She shook her head. Lahat na lang ba ay pupulaan ng ama? “Pinagbigyan na kita, so take your hands off Brandy, okay?”

Tumahimik ito sandali pagkuwa’y, “I saw the statement of account from the bank where I deposit your allowance, Kristine... it’s untouched.”

She was slightly surprised. Paano naman iyon nakita ng ama? Nakatago iyon kasama ng mga importanteng gamit niya. Naalala niyang naglilinis ng kanyang silid ngayon si Nana Remia. Dumating ang matandang babae nang nakaraang gabi kasama ng ama.

Nagkibit-balikat na lamang si Kristine. He would know eventually. Ito mismo ang nagbukas ng account para sa kanya. At wala naman sigurong masama sa natuklasan nito.

“Nag-iisa kitang anak pero hindi ko alam kung ano’ng makakapagpasaya sa ’yo,” he said wearily.

Naalarma naman siya. Nasaktan ba niya ang pride ng ama? “D-Dad...”

He was shaking his head as he looked at her. “I am sorry for a lot of things, Kristine. Sinisikap kong bumawi sa ’yo bilang ama mo but I can see that it’s not enough.”

“Dad, hindi naman kita inaalisan ng karapatan bilang ama ko. I just want to live independently at hindi ’yung laging nakaasa sa ’yo.”

“Na hindi mo ginawa ni minsan,” he stated. “I don’t know what to do with you anymore.”



Naiinis si Kristine sa mga kadramahan sa buhay niya. Bata pa lamang, madalas na ang eksena niya ng pag-iyak. Nang bumalik siya ng Pilipinas ay tinapos na niya ang seryeng iyon. She wanted a life full of action, full of dreams. O kahit light drama lang dahil hindi naman puwedeng maging komedya ang lahat gayong nag-iisa siya.

Her mother died of heart ailment when she was nine at panandalian lang kapag nakakasama niya ang ama. At ilang buwan muli ang hihintayin niya bago muling makapiling ang nag-iisang magulang. Inihatid na niya ang daddy niya sa airport kaninang madaling araw.

Matapos ang limang taon, hayun na naman si Kristine at nagdadrama sa loob ng kanyang kotse habang naka-park sa ilalim ng puno ng acacia sa labas ng gate ng *Victorianne Lingerie*.

Kumalma siya pagkatapos ng ilang minuto at inayos ang sarili. Magtataka ang mga kasamahan niya sa trabaho kapag nabakas ng mga ito sa mukha niya ang pag-iyak. Huminga siya nang malalim bago lumabas ng sasakyan.



Chapter Three



Isang anunsyo ang hinihintay nila mula sa General Manager ng *Victorianne*. Ang lahat ng nasa Traffic Department, Accounting Office at sa General Office ay nagkasya ngayon sa loob ng conference room ng kumpanya. Mula sa pintong nagdurugtong sa conference at sa opisina nito ay lumabas si Mr. Lee, ang GM. Binati nila ito.

“Good morning to all of you. Everybody knows that in three months’ time, Mr. James Huang will be leaving his position as President of *Victorianne Lingerie*. But it is not good for an export company like *VL* to run without its head. That’s why the CEO and the outgoing president is appointing his son to take over the presidency of company. I want all of us to be prepared. I need your one hundred percent cooperation. I’ve prepared a new list of rules and regulations which will be passed on to all offices and departments. I hope everyone will comply.”



“Employee of the month ka ulit, Kristine!” natutuwang bulalas ni Mona na sinalubong siya pagkagaling niya sa HR Department.

“Sa dami ng on-time shipment na nailabas ng

team mo ay may incentive ka ulit sa katapusan. Ang sarap naman!” excited na sambit ni Gelai, Warehouse Staff at kakuwentuhan din niya madalas.

“Nangangamoy-blowout na naman, ah,” biglang singit ni Shirley mula sa kanyang tagiliran na bagaman nakangiti ay halatang hindi talaga masaya para sa kanya.

She smiled at her, nonetheless. “You want to join us?”

Hindi ito sumagot bagkus ay umismid at saka sila tinalikuran.

“Mas mataas pa kesa sa building ng *Victorianne* ang inggit ng Shirley na ‘yan sa ‘yo, ano, Kristine?” nakangusong komento ni Mona. “Never pa kasing naging EOM mula nang ma-hire siya. At ‘yung crush niya sa Engineering ay ikaw naman ang crush. Halika na ngang mag-punch in,” yaya nito.

Nagkibit-balikat na lamang siya at agad sumunod sa dalawa.



“Bakit ba ginabi ka nang husto bata ka? Pasado alas onse na,” salubong ni Nana Remia kay Kristine nang makapasok ng gate ang kanyang kotse.

“Nakantyan po kasi ako ng mga kasamahan ko sa *Victorianne*. Nagpa-blowout lang,” sagot niya nang makababa.

“Dumating na iyong sinasabi ni Armando na inaanak ni Ramona. Pero nakatulog na marahil at hindi ka na nahintay,” balita ni Nana Remia sa kanya.

“Gan’un po ba? Bukas na lang siguro kami magkakaharap. Pagod na din po ako, Nana, gusto ko nang matulog.”

“O siya, sige na.” Iginiya na siya nito papasok ng bahay. Dumerecho siya sa kanyang silid at nagtanggap ng sapatos. Hindi na siya nagpalit ng damit. Agad siyang sumampa sa kama at pumikit.



“Nakakatakot, ha! Ang balita sa HR Department ay istrikto daw ang papalit na presidente ng *Victorianne*,” anang kaibigan ni Kristine na si Mona habang palabas sila ng gate ng nabanggit na kompanya pasado alas cinco. Wala namang urgent na trabaho sa buong maghapon kaya sumabay na siya sa kaibigan. Sasakay siya ngayon ng shuttle ng kompanya dahil coding si Brandy. Si Mona naman ay nasa talyer ang segunda mano ring kotse.

“Siguradong mababawasan ang mga chikahan natin sa loob.”

“Kahit ano pa ang ugali ng magiging bagong presidente, basta maayos ang trabaho natin ay walang magiging problema. At walang dapat katakutan.”

“Tama ka d’yan, girl!” sang-ayon agad nito. “At isa nga iyan sa dahilan kung bakit ayokong mawala ka dito. Ikaw ang nagpapalakas ng loob ko.”

Sasagot sana siya nang may humintong *Montero* sa tabi nila. Ibinaba ng driver ang salamin ng sasakyan. Nakangiti ang lalaki sa kanila.

“Mr. dela Vega, Sir! Good afternoon po,” bati ni Mona at hindi itinago ang kilig sa ngiting iyon.

“Sasabay kayo sa shuttle. Baka hindi na kayo ma-accommodate dahil nag-cut ang HR ng shuttle ngayong araw. May kaunting problema sa operator nila at sa agency na nag-provide nito sa company. Ang iba ninyong kasama ay nagsabing magko-commute muna sila.”

Bahagya siyang nainis samantalang hindi nagbago ng reaksyon si Mona. “Ganun po ba? So, magko-commute na lang din po kami. Salamat po sa impormasyon.”

“Sumabay na kayong dalawa sa akin. Mahihirapan din kayong sumakay dahil sa dami ng nag-uuwian galing sa mga katabing kompanya.”

“Ay, sige ho, Mr. dela Vega. Ang bait ninyo talaga!” agad na turan ni Mona na ikinabigla at ikinainis lalo ni Kristine.

Hinawakan niya ang kaibigan sa braso at bahagyang hinila. “Sir, hindi na lang po. Makakaabala kami sa inyo,” aniya na ngumiti.

“It’s alright, Miss Argos. Come on. Ayokong mapahiya,” anang lalaki sa banayad subalit authoritative na tono.

Hindi na niya napigilan si Mona nang buksan nito ang pinto sa panig ng passenger seat at sumakay. Wala siyang nagawa kundi sumunod at sumakay na din sa backseat ng *Montero*. Nadaanan nila ang mga empleyadong nakatingin sa kanila at halatang nasaksihan ang pagsakay nila sa kotse ng Purchasing Head. Siguradong headline ang nangyari bukas sa opisina.



Kanino’ng kotseng ito? tanong ni Kristine sa sarili habang papasok ng gate. Si Nana Remia na nagbukas ng gate para sa kanya ay nagmamadali namang pumasok ng bahay. Sinuri niya ang sasakyang katabi ni Brandy sa malaking garahe ng bahay. Hindi basta kotse. It was a black *BMW*.

Sa bisita marahil, naisip niya. Nandito na nga pala ang kanyang kinakapatid diumano. Makasundo kaya niya ito? Baka dahil laking States ay sobrang arte nito o di kaya ay liberated? Kunsabagay, kahit ano pa ang ugali ng kanyang bisita ay hindi naman siguro makakaapekto sa kanya dahil hindi sila madalas magkikita. At pansamantala lang naman ang pagtigil nito sa kanyang bahay. Iniwan na niya ang isiping iyon at

pumasok. Naamoy niya ang nilulutong hapunan ni Nana Remia. Kaya pala ito nagmamadali pagkatapos siyang pagbuksan ng gate.

“Hi, there!” A baritone came from her side when she entered the living room.

Napalingon siya sa pinanggalingan ng boses at isang matangkad at mestizo na lalaki ang nakita ni Kristine. He was in his pale yellow shirt and black jeans. Sexy and... very handsome! Parang nakita na niya ito dati.

“Looks like you’ve just arrived. How’s your day?” tanong ng lalaki habang palapit sa kanya.

She recovered quickly from her thoughts. Who was this man? Bakit ganito ito kung magtanong? Lumalapit ito ay nag-iisip pa rin siya ng sasabihin. Di niya naiwasang mapatulala nang nasa harap na niya ito. Pointed nose, almond eyes, and his lips...

Sino nga ba ang may ganoon ka-sensual na labi na pinagpantasyahan niyang mahalikan? He also had stubbles along his jawline. And that made him look more handsome... but no. ‘Handsome’ was in fact a faint word to describe him. Saglit na nagtalo ang isip ni Kristine sa tamang salitang ikakabit sa lalaki.

Nakita niya nang ngumiti ito. Iyong klase ng ngiti na tila ba nagsasabing alam nito kung ano ang tumatakbo sa isip niya. Kumunot ang noo niya

nang maisip kung sino marahil ang kaharap. Shit! Kararating lang ng bisita niya ay heto at nagpatuloy agad ng sarili nitong bisita. Ang galing naman!

“I’m sorry but I’m not nice enough to entertain a stranger,” she said in a cold voice.

Ganito ba talaga ang mga kabataan sa Amerika? May ilang taon din siyang nanirahan sa Los Angeles pero hindi naman nawala ang hiya ni Kristine.

Umangat ang makakapal na kilay ng lalaki. Tila hindi naunawaan ang sinabi niya.

“Ako ang may-ari ng bahay. I don’t know you.”

He was laughing silently nang sabihin niya iyon at agad ang pag-ahon ng inis ni Kristine. She faced him. “You’re rude!”

He stopped smiling and looked at her. “Oh... I’m sorry,” anitong tila hindi naman sincere sa sinabi. “Anyway, I waited for you to come dahil hindi pa tayo nagkakaharap mula nang dumating ako.”

Ano daw? Wala yata siyang naintindihan.

“I believe your father had told you about me. I’m Gil,” anitong inilahad ang kamay.

She stared at his big hand, speechless.

Bahagyang nakabuka ang kanyang mga labi pero hindi niya maapuhap ang sasabihin.

Lalaki? Lalaki ang bisita niya na makakasama nila sa bahay?

Binawi ng kaharap ang kamay nang hindi niya iyon abutin. “I have to go. Hinintay lang talaga kitang dumating. May appointment agad ako ngayong gabi kaya hindi ko kayo masasaluhan sa hapunan. Pakisabi na lang kay Nana Remia.”

At hanggang sa makaalis ang bisita, hindi pa rin siya makapagsalita.

Arrogant.

An arrogant stranger.

There was an arrogant stranger inside her house.

